

MGA TECH SAVVY SENIOR NG PAG-UUMPISA SA MGA KOMPYUTER MADALIANG SANGGUNIANG-GABAY

Para sa maraming tao, ang mga kompyuter ay napakakomplikadong kasangkapan. Ang polyetong ito ay naglalayon na maipaliwanag ang mga batayang termino at matulungan kayong maging komportable sa pagkuha ng sariling kompyuter, nang hindi na kailangan pang kumuha ng payo ng eksperto.

MGA URI NG KOMPYUTER

Mga Desktop

Ang mga desktop na kompyuter ay nangangailangan ng mga “mains power” para umandar. Hindi gaya ng mga laptop, na gumagana nang sarili, ang mga desktop na kompyuter ay may hiwalay na mga bahagi. Ang iskrin ay karaniwang nakahiwalay sa mga bahaging nagpoproseso, at ang teklado o keyboard at mouse ay hiwalay din. Mayroon din namang “all-in-one” na istilo ng mga desktop, na ang “processor” ay nakapaloob sa iskrin. Ilang mahahalagang punto tungkol sa mga desktop kompyuter:

1. Kung inaasahan ninyong nakahimpil lagi ang iyong kompyuter sa isang lugar lamang, pinakamahasay na kumuha ng isang desktop.
2. Ang iskrin at keyboard na nasa isang desktop ay mas malaki kaysa nasa isang laptop, at kadalasang mas komportable sa matagalang gamit. Mahalagang isipin ang tungkol sa “ergonomics” (postura ng katawan) kapag bumibili ng isang kompyuter.

Desktop na kompyuter



Mga Laptop


Kilala rin bilang mga notebook na kompyuter, ang mga laptop ay pinapaandar ng baterya at idinisenyo para madaling dalhin. Gaya ng pinahihiwatig ng pangalan, magagamit ang mga ito kahit saan – halimbawa, pati sa kandungan ninyo kapag nanonood ng TV.

Ilang mahahalagang punto tungkol sa mga laptop:

1. Lahat ng mga kailangan ninyong gamitin sa isang laptop ay ikinabit sa loob ng kaha. Kabilang dito ang iskrin, keyboard, pointer, webcam, mga ispiker at mga bahaging pag-kompyut.
2. Ang sukat at timbang ng iskrin ay dalawa sa malalaking pag-iisipan kung bumibili ng isang laptop (at karaniwang magkakaugnay ang mga ito: ang mas malaking iskrin ay nangangahulugang mas mabigat).

Mainam ang mga laptop kung gusto ninyong gamitin ang kompyuter ninyo habang malayo kayo sa bahay, o kung gusto ninyong magpalipat-lipat na hawak ang kompyuter habang nasa bahay.

Laptop, o notebook
na kompyuter



MGA BAGAY NA MAAARI NINYONG MAGAWA SA ISANG KOMPYUTER

Magsulat ng mga liham
Magbasa-basa sa internet
Mapangasiwaan ang iyong mga pinansiya
Maglaro ng mga games
Mag-“download” at manood ng mga pelikula
Makinig ng musika
Manatiling nakikipagbalitaan sa mga kaibigan at pamilya
Magbahagi ng mga album ng litrato
Mamili sa “online”
Ma-edit ang sariling “video” at mga litrato

MGA TECH SAVVY SENIOR NG PAG-UUMPISA SA MGA KOMPYUTER

MADALIANG SANGGUNIANG-GABAY



Kompyuter na Tablet

Tablet

Ang tablet ay isang kompyuter na pinagsamang teleponong mobile at kompyuter. Maaaring tingnan ang mga ito bilang malaking mobile, o isang maliit at magaan na kompyuter na may “touch screen”.

MGA SISTEMA NG PAGPAPAANDAR AT MGA APLIKASYON

Ang mga pisikal na bahagi ng isang kompyuter ay kilala bilang **hardware**. Ang ibang elemento ng isang kompyuter ay ang **software**; binubuo ito ng mga programa (tinatawag ding mga aplikasyon o “apps”) na gumagana sa kompyuter para gawin nito ang mga bagay na gusto ninyo.

Ang pinakaimportanteng piyesa ng software ay ang **operating system**. Ang “operating system” ay ang “software” na kumukontrol sa pinakabuod na mga gawain ng kompyuter, gaya ng pag-“access”o paghagilap kung saan nakatabi ang mga “file”o dokumento, pagsisimula’t-pagpapatigil ng mga programa, pagbukas at pagsara nito at kung anu-ano pa.

Ang mga kompyuter ngayon ay may ibat-ibang bersiyon ng bawat isa. Pinakakaraniwang maiingkuwentro ninyo:

- Ang **Microsoft® Windows®**, operating system, pinakapopular na operating system sa mga kompyuter, at magagamit sa mga kompyuter mula sa iba-ibang mga gumagawa.
- **Apple Mac OS**, software ng operating system na ginagamit sa mga kompyuter na gawa ng Apple.



Sa itaas ng operating system ay tumatakbo ang mga applications o “apps”. Ito ay mga programang dinisenyo para sa isang partikular na gawain, gaya ng isang laro, isang “spreadsheet” o isang “word processor”. Ang mga aplikasyon ay ginawa para sa partikular na operating system; halimbawa, hindi ninyo mapapatakbo ang isang Windows®-based na aplikasyon sa isang Apple Mac na kompyuter.



Ang mga karaniwang aplikasyon ng Microsoft® ay magagamit para sa mga operating system ng Windows® at Apple

ANG MGA BAHAGI NG (NAKIKITA) ISANG KOMPYUTER

Kung bibili kayo ng isang desktop kompyuter, makukuha niyo ito na may isang bungkos ng iba’t-ibang piyesa, na kailangang pagkabit-kabitan para gumana. Sa isang laptop o isang tablet, ang mga piyesa ay nasa loob ng isang yunit, gayunpaman ang lahat ay naroon.

Ang mga mahalagang piyesa ng kompyuter ay:

Ang kaha ng kompyuter

Tinatawag ding “the box” o basta “ang kompyuter” (dahil naglalaman ito ng “utak” ng kompyuter), ang kaha ng kompyuter ay naglalaman ng mga bahaging pang-kompyut, gaya ng processor, memory at storage. Ang ibang mga aparato ay nakakabit dito.

Ang monitor

Ang monitor ay ang iskrin ng kompyuter. Gaya ng isang TV set, ang sukat ng isang monitor ay karaniwang nakalista sa pulgada o sentimetro (cm), ito ang sukat ng palihis na haba ng mga magkatapat na sulok.



Ang “keyboard” at “optical drive”

Ang “keyboard” ay kinalalagyan ng mga teklado (keys) para sa pagsulat ng mga liham, email at mga adres sa web.

Ang “optical drive” ay ginagamit para magpatugtog ng mga disc ng CD, DVD at Blu-ray. Kung minsan, ang software ay nasa mga “optical disc”.



ANG PANANATILING LIGTAS “ONLINE”

Ang internet ay mayroon ding mga kahinaan. Para sa mga bagong gumagamit ng “internet”, isang mahalagang aral ang malaman kung paano manatiling ligtas “online”. Ilang mahahalagang bagay na dapat tandaan:

- Huwag magbukas ng mga kalakip (attachments) sa “email” maliban kung alam ninyong ligtas ang mga ito.
- Huwag ibigay ang iyong personal na impormasyon sa mga estranghero, sa “email” man o sa mga “website”.
- Ang mga tao ay maaaring magsinungaling tungkol sa kanilang sarili sa email. Maaaring sabihin ng email na galing ito sa iyong bangko, pero baka isa itong taong nagtatangkang magnakaw sa iyo. Kung nag-aalala kayo, tawagan agad ang iyong bangko.
- Huwag mag-install ng mga programang na-“download” mula sa mga di-mapagkakatiwalaang mapagkukunan.
- Lubos na mag-ingat sa pagbibigay ng mga detalye ng iyong “credit card”.
- Mag-install ng “internet security software” para maprotektahan ang iyong PC at mga file.
- Mas mabuti ang sobrang maingat!

Ang “mouse”

Ang “mouse” ay ginagamit sa pagkontrol sa “on-screen pointer”. Ginagamit ang “pointer” sa pagpili ng mga bagay sa iskrin – gaya ng pagpili ng isang icon para magbunsod ng aplikasyon. Gagalawin ninyo ang pointer sa pamamagitan ng pisikal na pagpapadulas ng mouse sa direksiyon kung saan ninyo gustong pupunta ang pointer.

Ang mga laptop na kompyuter ay wala talagang mouse. Karaniwang ginagamit ay isang “glide pad” – isang pad sa ibaba ng keyboard na nilalapatan ng iyong mga daliri para itulak ang pointer.

Ang mga tablet ay gumagamit ng “touchscreen”: kung gusto ninyong “ituro” ang isang bagay, pindutin lamang kung nasaan ito sa iskrin.



ANG MGA PANLOOB NA BAHAGI NG ISANG KOMPYUTER

Ang mga panloob ng kompyuter ay parang makina ng isang sasakyan – hindi ito makikita kung hindi ninyo ito binubuksan – pero napakahalaga pa rin nito. Ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga piyes sa loob ng kompyuter ay kapaki-pakinabang kapag bumibili kayo ng isang kompyuter.

Processor

Ang processor, tinatawag ding CPU (central processing unit) ay ang pangunahing makina ng kompyuter – kung saan ang karamihan ng “pag-iisip” ay ginagawa.

May daan-daang mga ibat-ibang modelo ng processor, at umaandar ang mga ito sa magkakaibang bilis. Ang ibig sabihin ng mabilis na processor ay gumagana nang mas pulido ang mga laro at video at ang kompyuter ay nagpoproseso nang mas mabilis.

Memory

Ang processor ng kompyuter ay nangangailangan ng partikular na laki ng espasyo sa pagtatrabaho (working space) para sa mga kalkulasyon nito. Ang memory ng kompyuter ay nagtataglay ng mga aplikasyong kasalukuyang gumagana sa loob nito.

Gigabytes (GB) ang pansukat ng mga ito; ang isang gigabyte ay katumbas ng isang bilyong mga karakter o mga letra.

Kung mas malaki ang “memory”, mas makapagpapagana kayo kaagad nang mas maraming mga aplikasyon, at ang paglilipat ng mga aplikasyon ay magiging mas mabilis at mas pulido.

Mga “disk drive” at “storage”

Kung ang “memory” ay nagtataglay ng mga datos na kasalukuyan ninyong ginagamit ngayon (tingan sa itaas), ang panloob na disk drive ay siyang pangmatagalang imbakan ng mga datos. Ito ang imbakan ng iyong mga litrato, musika at dokumento kahit hindi ninyo ginagamit ang mga ito.

Katulad ng memory, sinukat din ito sa gigabytes – o terabytes (TB), kung saan ang isang terabyte ay katumbas ng 1000 gigabytes.

Networking

Pinapayagan ang computer networking ng iyong kompyuter na kumonekta sa ibang kompyuter at sa internet.

Ang mga kompyuter ay may dalawang tipo ng networking: konektado sa pamamagitan ng kawad at walang kawad (wired and wireless).

Ang mga network na “wired”, tinatawag ding LAN (local area network) ay gumagamit ng kawad ng ‘Ethernet’ para kumonekta sa iba pang mga aparatos.

Ang mga network na wireless, tinatawag ding WiFi, ay gumagamit ng mga “radio wave” para kumonekta sa ibang mga aparatos: karamihan ng mga kompyuter ay may 802.11n o 802.11ac WiFi (ang 802.11 ay ang teknikal na pangalan ng mga batayan (standard) ng WiFi. Ang 802.11ac ay ang mas bago at mas mabilis na standard.

Bateriya

Ang mga laptop at mga tablet at may panloob na baterya, at ang detalye ng baterya ay magsasabi sa iyo kung gaano katatagal gagana ang baterya bago magpapa-charge muli.

MGA "PORT"

Ang likod ng isang kompyuter ay karaniwang naglalaman ng ibat-ibang mga saksakan at port na ginagamit para ikonekta ang mga panlabas na aparatos sa pangunahing katawan ng kompyuter. Tinatawag itong mga I/O port, at ibat-iba ang port na ginagamit para sa ibat-ibang aparato.

Kabilang sa mga pangunahing port ang:

HDMI at display

Karamihan sa mga kompyuter ngayon ay gumagamit ng HDMI interface para komunekta sa isang monitor ng kompyuter – parehong-pareho ng kawad na ginagamit ninyong pangkonekta sa mga aparatos sa iyong flat screen na TV. Ngunit ang ilang kompyuter ay gumagamit ng iba-ibang mga display port sa HDMI, at gagana lamang ang mga ito sa mga monitor na nakasuporta rin sa uri ng display port na mayroon ang mga ito. Kabilang sa mga port na ito: ang VGA, DVI, at Display Port.

USB

Karamihan ng mga panlabas na device na ikinakabit ninyo sa iyong kompyuter ay maisasaksak sa isa sa mga USB port ng kompyuter. Kabilang ang mouse, ang keyboard, flash drive, mga external hard drive, mga printer,

Pinapayagan kayo ng mga koneksiyon ng USB na magkabit ng mga aparato gaya ng isang hard drive o printer sa iyong kompyuter



mga scanner, mga ispiker at halos lahat ng "peripheral" na device.

Networking (LAN)

Karamihan ng desktop at maraming laptop ay may nakakunektang networking port. Ito ang port na pinagsasaksakan ninyo ng mga kawad na ikinukonekta sa iyong internet router. (Ito ay isang aparato na itataguyod ng "internet service provider" kapag pumirma kayo para sa isang serbisyong internet; iuugnay kayo nito sa internet).

Memory card reader

Ang ilang kompyuter ay may built-in na flash memory card reader. Kapareho ito ng mga flash memory card na ginagamit sa mga digital na kamera. Maglagay ng isang "flash memory card" sa siwang, at ang kompyuter ay maaaring magbasa ng mga litrato at kahit ano pang mga datos na inimbak dito.

Audio

Para sa karamihang ispiker at headphone, ang isang kompyuter ay makakagamit ng isang 3.5mm na audio jack – parehong-pareho ang tipo sa makikita ninyo sa sistema ng iyong stereo. Ang mga ispiker ay direktang nakasaksak sa port na ito.

Ang programang 'Tech Savvy Seniors' ay isang pangunahing inisyatiba ng NSW Ageing Strategy at Telstra. Para sa higit pang impormasyon: http://www.adhc.nsw.gov.au/about_us/strategies/nsw_ageing_strategy and <http://www.telstra.com.au/telstra-seniors/>

PAGTATATWA

Ang impormasyong nasa paglalathalang ito at ano mang kalakip na materyales ay para lamang sa mga layuning pang-edukasyon at pang-impormasyon. Ang publikasyon at anumang kalakip na materyales ay hindi nagsisilbing promosyon, pag-endorso o pagsang-ayon sa anumang produkto o serbisyong isinangguni, ipinakita o ipinamalas sa paglalathala at anumang kalakip na materyales. Ang paglalathala at anumang kalakip na materyales ay dinisenyo para gamitin bilang panimulang sanggunian lamang. Ang mga ito ay hindi sinadya para maging isang komprehensibong gabay o umaangkop sa lahat ng mga sitwasyon. Makatwirang pagsisikap ang ibinuho para matiyak na ang impormasyong lumalabas sa paglalathala ito at anumang kalakip na materyales ay tama noong panahon ng paglilimbag. Gayun pa man, ang mga may-akda, prodyuser at tagapagpakilala nitong paglalathala at anumang kalakip na materyales (ang mga Makabuluhang Tao)* ay walang representasyon o garantiya sa ganap na kawastuhan, pagkamaasahan, kalubos-lubusan o pagiging pangkasalukuyan ang impormasyon sa paglalathalang ito at anumang mga kalakip na materyales. Ang impormasyon at anumang mga pagpapayong nasa publikasyong ito at anumang mga kalakip na materyales ay isinasaad lamang sa paniniwalang ang mambabasa ay responsable sa pagtatasa sa mga bagay na tinalakay dito at pinapayuhang alamin ang katotohanan ng lahat ng makabuluhang representasyon, mga pahayag at impormasyon.

* Ang mga Makabuluhang Tao:

- puwera, sa pinakamalawak na saklaw na pinahintulutan ng batas, lahat ng ipinahayag o ipinahiwatig na kahit anumang mga garantiya (warranty) na may kinalaman sa anumang impormasyon sa publikasyong ito at anumang kalakip na materyales;
- ay walang pananagutan na magpabago ng anumang impormasyon sa publikasyong ito at anumang kalakip na materyales o magwasto ng anumang kamalian sa publikasyong ito at anumang kalakip na materyales na maaaring malantad sa katagalan ng panahon; at
- maglaan ang karapatan, ayon sa kanilang ganap na pagpapasya, sa pagbura, pagbago o paggalaw ng publikasyon (at anumang kalakip na materyales) at anumang nilalamang nakapaloob (kabilang na ang mga termino at kondisyon nitong pagtatatwa o disclaimer) kahit kailan nang walang pabatid.

* Kabilang sa mga Makabuluhang Tao ang sinumang indibidwal, kompanya, sosyuhan o kagawaran ng gobyernong sangkot sa paggagawa ng publikasyon at ang kanilang mga opisyal, kawani at ahente.

PABATID TUNGKOL SA "TRADEMARK"

Lahat ng mga pangalan ng produkto o mga website na sinangguni sa instruksiyonal na publikasyong ito ay maaaring ang rehistradong mga trademark o mga trademark ng ikatlong partido sa Australya at/o ibang bansa. Ang Apple, Mac at MAC OS ay mga trademark ng Apple Inc., rehistrado sa United States at iba pang mga bansa. Ang HDMI ay maaaring rehistradong trademark o isang trademark ng naglilisensyang HDMI ng L. L. C. sa Estados Unidos at Australya. Ang Microsoft at Windows ay maaaring mga rehistradong trademark o mga trademark ng Microsoft Corporation sa United States at Australya. Walang trademark ng ikatlong partido na nakapaloob sa materyal na ito ang nagpapakita ng koneksyon o ugnayan, o nagsisilbi bilang isang pag-endorso ng materyal na ito magmula sa mga ikatlong partido.

PABATID AT PAGTATATWA NG PAG-AARING INTELEKWAL

Copyright© ng Telstra Corporation Limited (ABN 33 051 775 556) at ng New South Wales Office of Ageing. Reserbado ang lahat ng mga karapatan. Ang materyal ay protektado ng karapatang ari (copyright) sa ilalim ng mga batas ng Australya at, sa pamamagitan ng mga kasunduang pang-internasyonal, sa ibang mga bansa. Walang bahagi ng mga materyal na ito ang maaaring ilabas, ipamahagi, magparami, kopyahin, iimbak, o ipadala, sa anumang anyo o paraan: elektroniko, mekanikal, pagtatala (recording) o ano man maliban kung para sa sarili ninyong impormasyon, pananaliksik o pag-aaral.